Pag-aari ng Pamahalaan
HINDI IPINAGBIBILI

4

# Filipino

## Unang Markahan - Linggo 8-Modyul 28:
## Salitang Magkasingkahulugan at Magkasalungat



ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

Kagawaran ng Edukasyon • Republika ng Pilipinas

Filipino – Grade 4
Alternative Delivery Mode
Unang Markahan - Modyul 28: Salitang Magkasingkahulugan at Magkasalungat
Unang Limbag, 2020

**Paunawa hinggil sa karapatang – sipi.** Isinasaad ng Seksyong 176 ng Batas ng Pambansa Bilang 8293: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa ano mang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon pa man, kailangan muna ang pahintulot ng pamahalaan o tanggapan kung saan ginawa ang isang akda upang magamit sa pagkakakitaan ang nasabing akda. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang patawan ng bayad na *royalty* bilang kondisyon.

Ang mga akda / materyales (mga kwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand names*, tatak o *trademarks*, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsikapang mahanap at mahingi ang pahintulot ng mga may karapatang-ari upang magamit ang mga akdang ito. Hindi inaangkin ni kinakatawan ng mga tagapaglathala *(publishers)* at may-akda ang karapatang-aring iyon.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon – Division of Valencia City
Tagapamanihala ng mga Paaralan Rebonfamil R. Baguio

**Bumuo sa Pagsulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Jean A. Manuel |
| **Editor:** | Cathyrine D. Melos |
| **Tagasuri:** | Emelita F. Rey, PSDS |
| **Tagalapat:** | Ma. Gelyn G. Zerna<br>Rommel C. Villa |
| **Ilustrador:** | Madilyn P. Saphlot |
| **Layout Artists:** | John Rimmon I. Taquiso |
| **Tagapamahala:** | |
| **Chairperson:** | Rebonfamil R. Baguio<br>*Tagapamanihala ng mga Paaralan* |
| **Co-Chairperson:** | Eugene I. Macahis, Jr.<br>Asst. Schools Division Superintendent |
| **Mga Kasapi:** | Jayvy C. Vegafria, CID Chief ES<br>Noemie M. Pagayon, EPS-Filipino<br>Analisa C. Unabia, EPS-LRMS<br>Loan Sirica V. Camposo, Librarian II<br>Israel C. Adrigado, PDO II |

Inilimbag sa Pilipinas ng:
Kagawaran ng Edukasyon-Sangay ng Lungsod ng Valencia
Office Address: Lapu-lapu Street, Poblacion, Valencia City 8709
Telefax: (088) 828-4615
Website: deped-valencia.org

# 4

# Filipino

## Unang Markahan - Linggo 8-Module 28: Salitang Magkasingkahulugan at Magkasalungat

Ang kagamitan sa pagtuturong ito ay magkatuwang na inihanda at sinuri ng mga guro mula sa pampublikong paaralan. Hinihikayat namin ang mga guro at iba pang nasa larangan ng edukasyon na ipadala ang inyong mga puna, komento at rekomendasyon sa pamamagitan ng email sa Kagawaran ng Edukasyon sa Region 10@Deped.Gov.

**Lubos naming pinapahalagahan ang inyong mga puna at rekomendasyon.**

**Kagawaran ng Edukasyon ● Republika ng Pilipinas**

## *Ang modyul na ito*

- Ang modyul na ito ay inihahandog para sa Ikaapat na Baitang na mga mag-aaral sa asignaturang Filipino.
- Matututunan mo sa modyul na ito ang tungkol sa mga salitang magkasingkahulugan at magkasalungat.
- Naghanda ako ng mga halimbawa ng mga salita na makatutulong sa iyo upang lalo mong maintindihan ang paksa.
- Mayroon din itong pagsasanay upang lalo kang humusay sa araling ito.



***Mga Tala para sa Guro***

Ang aralin ay nakasentro kung saan masusukat ang kakayahang umintindi ng mag-aaral. Mainam na sa pagbibigay ng puntos ay maghanda ka ng *rubric* at *criteria* na pagbabasihan mo ng katumbas na puntos ng kanilang mga sagot. Lalung–lalo na sa nga pagsasanay o sitwasyon na nangangailangan ng *logical* na eksplenasyon.



## *Alamin*

Pagkatapos gawin ang mga pagsasanay sa modyul na ito, ang mga bata ay inaasahang mapaunlad ang mga sumusunod na kasanayan:

Layunin:

1. Nakagagamit ng pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng palatandaang nagbibigay ng kahulugan, kasingkahulugan (1.4)-kasalungat (1.5)-paglalarawan (1.13)

## *Paano matuto sa Modyul na ito:*

Upang makamit ang layunin na inilalahad sa itaas, gawin ang mga sumusunod na mga hakbang;

- Basahin at unawain nang mabuti ang aralin.
- Sundin at gawin ang inilalahad na panuto sa bawat pagtataya at pagsasanay.
- Sagutin ang lahat na pagtataya at pagsasanay.

## *Icons of this Module*

| | | |
|---|---|---|
|  | Alamin | Ang bahaging ito ay naglalaman ng layunin sa pagkatuto na inihanda upang maging gabay sa inyong pagkatuto. |
|  | Subukin | Ito ay mga pagsasanay na sasagutin upang masukat ang iyong dating kaalaman at sa paksang tatalakayin. |
|  | Balikan | Ang bahaging ito ay may kaugnayan sa nakaraang aralin at sa iyong bagong matututunan. |
|  | Tuklasin | Ipakikilala ang bagong aralin sa pamamagitan ng gawaing pagkatuto bago ilahad ang paksang tatalakayin. |
|  | Suriin | Ito ay ang pagtatalakay sa pamamagitan ng gawain sa pagkatuto upang malinang ang iyong natuklasan sa pag-unawa sa konsepto. |
|  | Pagyamanin | Ito ay mga karagdagang gawain na inihanda para sa iyo upang ikaw ay magiging bihasa sa mga kasanayan. |
|  | Isaisip | Mga gawaing idinisenyo upang maproseso ang iyong natutunan mula sa aralin. |
|  | Isagawa | Ito ay mga gawaing dinisenyo upang maipakita ang iyong mga natutunan na kasanayan at kaalaman at ito ay magamit sa totoong sitwasyon. |
|  | Tayahin | Ang pagtatasang ito ay ginamit upang masusi ang iyong antas ng kasanayan sa pagkamit ng layunin sa pagkatuto. |
|  | Karagdagang Gawain | Ito ay mga karagdagang gawaing pagkatuto na dinisenyo upang mas mahasa ang iyong kasanayan at kaalaman. |



## ***Subukin***

**Panuto:**

Magbigay ng salitang naglalarawan sa larawan. Isulat sa patlang.

1.  ______________

2.  ______________

3.  ______________

4.  ______________

5.  ______________

# Aralin 1

# Magkasingkahulugan at Magkasalungat



## *Balikan*

Bilugan ang mga panghalip na makikita sa talata.

Noong Linggo ay sumama ako sa mga pinsan kong namasyal sa "Manila Zoo". Sumakay kami sa isang bus. Sa loob ng zoo ay nagkanya-kanya kami ng pipuntahan. Kami ni Ben ang magkasama. Gusto niyang tingnan ang tigre dahil hindi pa daw siya nakakita nito. Masayang masaya kami sa aming mga nakita sa Manila Zoo.



## *Tuklasin*

Basahin ang tula.

**Si Lando**

*Ni Jean A. Manuel*

Ang batang si Lando
Lubhang matalino
*Masipag* siyang totoo
Kaya mataas ang kanyang mga grado.

Samantalang si Lito
Mahina na ang ulo, tamad pang mag-aral nito
Kaya mababang totoo
Ang lahat niyang grado.

Tungkol saan ang tula? ______________________________________

Ano-ano ang mga salitang may salungguhit? ___________________

Ano ang napansin mo sa mga salitang may salungguhit?

matalino-bubo    masipag-tamad    mataas-mababa



## *Suriin*

May mga salitang kapag iniuugnay sa isa pang salita ay madaling maintindihan. Kapwa magkapareho ang kahulugan nito. May mga salitang kabaligtaran naman ang inihatid nito.

**Magkasingkahulugan** ang tawag sa pares na mga salita na magkapareho ang kahulugan.

Halimbawa:

| | |
|---|---|
| masipag- masikap, matiyaga | malusog-malakas, matipuno |
| maykaya- mayaman, masalapi, | makislap-makinang |

**Magkasalungat** ang tawag sa pares na mga salita na magkabaliktad ang kahulugan.

Halimbawa:

| | |
|---|---|
| malinis-marumi | masigla-matamlay |
| magaspang-malambot | mabaho-mahalimuyak |



## *Pagyamanin*

**Gawain A**

Isulat ang **kasingkahulugan** ng salitang nakasalungguhit upang mabuo ang pangungusap.

**1.** Magiting si Andres Bonifacio. Siya ay ____________.

A. mabilis B. matapang C. mayaman

**2.** Wasto ang iyong sinabi. ________ ang iyong sagot.

A. tama B. mali C. tuwid

3. <u>Matangkad</u> ang kuya ko kaya sabi nila ako rin ay magiging __________.

   A. maliit  B. mataas  C. mataba

4. <u>Masarap</u> ang luto ni Lola Inday. Ang adobo ay ____________.

   A. malinamnam  B. matamis  C. maalat

5. Ang singsing ni Tita Malou ay <u>makislap</u>. Ito ay __________.

   A. madilim  B. makinang  C. malabo

**Gawain B**

Isulat ang **kasalungat** ng salitang nakasalungguhit upang mabuo ang pangungusap.

6. <u>Malamig</u> tuwing Disyembre. ________ naman sa Abril.

   A. maginaw  B. mainit  C. mabagal

7. <u>Mabilis</u> tumakbo ang mga bata habang _________ lumakad ang mga matatanda.

   A. malikot  B. matulin  C. mabagal

8. Ang aming aso ay <u>mataba</u>. Ang aso nila ay sakitin kaya ito ay ________.

   A. payat  B. matangkad  C.malusog

9. Maraming <u>bagong</u> damit si Karla. Ibinibigay niya ang mga _______ damit niya sa mga mahihirap.

   A. lumang  B.malinis  C. madumi

10. Bumili ako ng <u>matigas</u> na upuan. Ayaw ni Brenda dahil gusto niya ng _________.

   A. malaki  B. maliit  C. malambot

## *Isaisip*

**Gawain A**

Panuto: Isulat sa patlang ang **kasingkahulugan** ng mga saitang nasa Hanay A. Piliin sa Hanay B ang sagot.

| **Hanay A** | | **Hanay B** |
|---|---|---|
| 1. maralita | ______________ | a. payapa |
| 2. masakit | ______________ | b. dukha |
| 3. matulis | ______________ | c. delikado |
| 4. tahimik | ______________ | d. mahapdi |
| 5. mapanganib | ______________ | e. matalim |

**Gawain B**

Hanapin sa kahon ang salitang **kasalungat** ng mga salitang nasa mga bilog.

| manipis | mayaman | sariwa | mahal | hinog |
|---|---|---|---|---|


mura
3.__________

hilaw
2._________

bulok
4.__________


makapal
1._________

maykaya
5.___________



***Isagawa***

Buuin ang crossword puzzle.




| **PAHALANG/PAHIGA (Kasingkahulugan)** | | **PABABA (Kasalungat)** | |
|---|---|---|---|
| **3** | masipag | 1 | makitid |
| **5** | matangkad | 2 | magaspang |
| 7 | ina | 4 | maykaya |
| 8 | matulin | 6 | malapit |
| **9** | mapag-impok | | |



## *Tayahin*

Piliin ang **kahulugan** ng mga salitang may salungguhit na ginamit sa mga pangungusap.Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Higit isang buwan nang *nakalilipas* ang pasukan.
   A. dumating  B. nagdaang araw  C. nakaraan
2. Bagama't marunong siyang bata ay hindi ko *mawari* ang kanyang dahilan.
   A. masigasig  B. malaman  C.maunawaan
3. *Pinag-uukulan* ko ng panahon ang pagmamatyag sa batang iyon.
   A. pinagkukunan  B. pinaglalaanan  c. kaalaman
4. Ilang araw na hindi ako *mapakali* sa ilang araw na rin niyang hindi pagpasok.
   A. mapalagay  B. mapanuto  C.tumahimik
5. Dumating ang mag-ina na pagod at *lupaypay*.
   A. masiglang-masigla  B. aktibo  C. matamlay

Piliin sa kahon ng **kasalungat** ng salita.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| nilayuan | patay | babae | masungit | madilim |


________6. lalaki

________7. buhay

________8. maliwanag

________9, nilapitan

________10. Mabait



## *Karagdagang Gawain*

Ibigay ang kasingkahulugan at kasalungat ng mga salitang nasa talahanayan.

| Salita | Kasingkahulugan | Kasalungat |
|---|---|---|
| 1. maganda | | |
| 2. mataas | | |
| 3. dukha | | |
| 4. masigla | | |
| 5. magaling | | |

## *Susi ng mga Sagot*

| Balikan |
| --- |
| Ako, kami, niya, siya, amin |

Isaisip A

1.dukha
2.mahapdi
3.matalim
4.payapa
5.delikada

Pagyamanin A

| | |
| --- | --- |
| 1.B | 6. B |
| 2.A | 7. C |
| 3.B | 8. A |
| 4.A | 9. A |
| 5.B | 10. C |

| Isaisip B |
| --- |
| 1.manipis |
| 2.hinog |
| 3.mahal |
| 4.sariwa |
| 5.mayaman |

Isagawa



| |
|---|
| Karagdagang Gawain |
| |
| 1.marikit, pangit |
| 2.matangkad, mababa |
| 3.pobre,mayaman |
| 4.masigasig,matamlay |
| 5.marunong, bobo |
| Karagdagang Gawain |

| |
|---|
| |
| Tayahin |
| 1.C |
| 2.C |
| 3.B |
| 4.A |
| 5.C |
| 6.babae |
| 7.patay |
| 8.madilim |
| 9.nilayuan |
| 10.masungit |

## *Mga Sanggunian:*


Aragon, Angelita L., N.B. Montojo, M.F. Faminiano, M.A. Barza. (1993). Mga Alamat at iba pang mga Kuwento. Tru-Copy Publishing House, Inc.

Calatrava, Sancho C., M.R. Jaurique, F.B. Rafael, D.S. de Castro, J.R. Brana, M.H. Umadhay, C. Reyroso, A. Gime, R. de los Reyes, A.Z. Soniega, F.C. Guinto, Y.S. Maligaya, A.M. Aranzanzo, M.J. Derla, G.D. Badillo, A.D. Jabines. (2015). Yaman ng Lahi 4 LM.SunshineInterlinks Publishing House, Inc.

Calatrava, Sancho C., M.R. Jaurique, F.B. Rafael, D.S. de Castro, J.R. Brana, M.H. Umadhay, C. Reyroso, A. Gime, R. de los Reyes, A.Z. Soniega, F.C. Guinto, Y.S. Maligaya, A.M. Aranzanzo, M.J. Derla, G.D. Badillo, A.D. Jabines. (2015). Yaman ng Lahi 4 TG.SunshineInterlinks Publishing House, Inc.

Garcia, Florante C. at Priscila J. Anastacia. (2019). Pintig ng Lashing Pilipino 4.SIBS Publishing House, Inc.

Lalunio, Lydia P. at Francisco G. Gil. (2000). Hiyas sa Wika at Pagbasa 4 Manwal ng Guro. LG & M Corporation

https://samutsamot.com/?s=kasingkahulugan+at+kasalungAT

Para sa anumang katanungan o puna, maaring ipadala sa

pamamagitan ng sulat o tumawag sa:

Kagawaran ng Edukasyon- Sangay ng Lungsod ng Valencia

Lapu-lapu Street, Poblacion, Valencia City 8709

Telefax: (088) 828 - 4615